

FATWA ON REPRODUCTIVE HEALTH AND FAMILY PLANNING AT ISLAM

- **ANO ANG ISANG FATWA?** – Ang Fatwa o Fatwah [فتوى] ay isang salitang Arabo na may mga sumusunod na kahulugan: legal na payo ng isang Muslim na may mataas na napag-aralan, base sa Qur'an, Sunnah and Islamic Shari'ah¹; isang sugo ng lider na Muslim²; o religious na kautusan³.

Ayon sa *usul al-fiqh* (principles of jurisprudence), ang fatwa ay dapat makamit ang sumusunod ng kondisyon upang maging ukol: (1) Ang fatwa ay may basihan mula sa Qur'an, Sunnah at hadiths; (2) Ito ay idineklara ng isang lider o grupo ng mga lider na may sapat na kaalaman at magandang intension; (3) Ito ay walang bahid ng opurtunismo at pulitika; at (4) Ito ay sapat sa pangangailangan ng kasalukuyang panahon.

- **ANO ANG LOKAL NA FATWA ON REPRODUCTIVE HEALTH AND FAMILY PLANNING?** – Ang Fatwa on Reproductive Health and Family Planning ay idineklara ng Darul Ifta (House of Islamic Opinion) ng Pilipinas na nakabase sa Cotabato City pagkatapos ng maraming konsultasyon sa iba't ibang lider ng Muslim tulad ng Ulama, mga Imam at mga Ustadjes mula sa Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM), at mga rehiyon 9, 10, 11 at 12. Sinuri nila ang iba't ibang libro tungkol sa Islam at iba pang mga fatwa. Kinunsulta rin ang mga iskolar mula sa Al Azar University (ang pinakamatandang Islamic na unibersidad) sa Cairo, Egypt. Inindorso ang fatwa na ito ng Grand Mufti (مفتي – interpreter of Islamic Law) ng Egypt. Ang proseso ng paggawa ng fatwa ay sinopurtahan ng Commission on Population, USAID/TSAP-FP, United Nations Population Fund. Ang Fatwa ay opisyal ng inilathala ng Darul Ifta noong Marso 10, 2004 sa Davao City⁴.

- **ANO ANG NILALAMAN NG LOKAL NA FATWA?** – Tinatanggal ng lokal na Fatwa ang maling akala ng nakararaming Pilipinong Muslim na bawal ang Family Planning sa Islam. Sinasabi ng Fatwa na ang Reproductive Health, kasama ang Family Planning, ay makabubuti sa mga Muslim at hindi ito labag sa Islam. Tinalakay ng Fatwa ang paglala ng situwasyon sa kalusugan ng mga bagong panganak at mga ina sa ARMM at iba pang Muslim na komunidad sa Pilipinas. Binanggit ng Fatwa ang ibang halimbawa sa Holy Qur'an at ang mga Haddiths at Sunnahs na nagpapahagay ng suporta sa reproductive health. Idineklara ng Fatwa na *"all methods of birth spacing are allowed as long as they are safe, legal, in accordance with the Islamic Sharia and approved by a credible physician, preferably a Muslim, for the benefit of both mother and child."*

- **NAAAYON BA SA ISLAM ANG FAMILY PLANNING?** - Para sa Islam, ang Family Planning ay katanggap-tanggap subalit kapag ito ay gagawin lamang upang mapabuti ang kalagayan at kalusugan ng pamilyang Muslim at hindi sa pagtigil ng paglaki ng populasyon. Higit na ipinagbabawal ng Islam ang aborsyon. Ang Family Planning sa Islam ay Family Management. Hindi ito aborsyon o kaya birth control kundi pagbigay ng tamang agwat panganganak.

Sa paningin ng Islam, ang pagpapamilya ay naglalagay ng responsibilidad sa mga magulang na magkaroon ng abilidad na



His Excellency Sheikh Dr. Ali Gomaa, Grand Mufti of Egypt endorsed the Philippine Fatwa on Reproductive Health and Family Planning last January 2004.

palakihin ang mga anak na alam ang relihiyong Islam at makamit ang sosyal at pangrelihiyong responsibilidad ng pamilya. Ang mga magulang ay mananagot sa Allah kapag hindi niya natupad ang kanyang responsibilidad.

Importante sa relihiyon na Islam na lumaki ang mga bata sa isang magandang kapaligiran. Mahalaga na maibigay ng mga magulang ang tahanan na mayroong kaayusan at disiplina na ayon sa Islam upang ang mga anak ay lumaki na mayroong pusong Muslim at tamang pag-iisip. Ang Family Planning ay para sa kalusugan ng ina at anak para mapalaki ng mga magulang ang mga *saleh* (goodly) na anak – nananalig sa Allah, malusog, nakapag-aral, kapakipakinabang at mabait sa kapwa.

Itinakda ng Qur'an ang panahon ng pagpapasuso ng mga sanggol.

وَوَصَّيْنَا الْإِنْسَانَ بِوَالِدَيْهِ حَمَلَتْهُ أُمُّهُ وَهَذَا عَلَىٰ وَهْنٍ وَفَصَّلْهُ فِي

عَامَيْنِ أَنِ اشْكُرْ لِي وَلِوَالِدَيْكَ إِلَيَّ الْمَصِيرُ ﴿٤٦﴾

"AND WE HAVE ENJOINED UPON MAN CONCERNING HIS PARENTS. HIS MOTHER BEARETH HIM IN WEAKNESS UPON WEAKNESS, AND HIS WEANING IS IN TWO YEARS. GIVE THANKS UNTO ME AND UNTO THY PARENTS. UNTO ME IS THE JOURNEYING." (Holy Qur'an Luqman 31:14)

Sa Ayat 14 ng Surah Luqman, inilatag ng Qur'an ang "birth spacing". Kapag sinunod ng isang Ina ang dalawang taong pagpapasuso, ang anak ay makikinabang ng husto. Kapag iniwasan ang pagbubuntis habang nagpapasuso, ang kalusugan ng ina at ng nasa sinapupunan ay mapapabuti. Hindi mag-aagawan ang dalawang anak sa gatas ng ina kung mayroong agwat ang panganganak.

Hindi sang-ayon ang Fatwa sa permanenteng paraan ng pagpapa-Family Planning tulad ng vasectomy at ligation pero pinayagan nito ang iba pang paraan ng pagpapa-Family Planning basta ito ay ligtas, legal, pinag-usapan ng mag-asawa at aprubado ng isang doktor (na kung maaari ay isang Muslim).

Para maiwasan din ang pagkamatay ng ina sa panganganak, dapat ay iwasan na mabuntis ang asawa hanggang hindi pa umabot ang edad niya sa 18 na taon at pataas.⁵

- ANO ANG PINAG-IBA NG FAMILY PLANNING SA BIRTH CONTROL? – Ang Family Planning sa konsepto ng Islam ay ang pagbibigay ng agwat sa panganganak upang manatiling malusog ang ina at mga anak. Kasama na rin dito ang pagbibigay ng sapat na gabay at kaalaman sa mga anak – lalo na ang tungkol sa Islam.

Ang Birth Control ay ang pagpipigil ng panganganak maaring dahil sa kahirapan o di kaya sa isang patakaran ng estado na bawasan ang populasyon.

Ayon sa **Aceh Declaration** na resulta ng pagpupulong ng mga Ulama at mga siyentipiko noong International Congress on Islam and Population Policy sa Jakarta, Indonesia (Pebrero 1990), responsable ang isang henerasyon sa mga susunod na henerasyon. Upang maiangat ang katayuan ng mga babae, dapat ay bigyan sila ng sapat ng kaalaman at oportunidad na magkaroon ng serbisyong Family Planning⁶.

- ANU-ANONG MGA PAHAYAG MULA SA QUR'AN AT MGA SUNNAH AT HADITHS NG NABI MOHAMMAD ANG PUMAPATUNGKOL SA FAMILY PLANNING? – Sinabi ng Holy Qur'an na walang pahirap sa relihiyon na Islam.

وَجَاهِدُوا فِي اللَّهِ حَقَّ جِهَادِهِ هُوَ اجْتَبَاكُمْ وَمَا جَعَلَ عَلَيْكُمْ فِي الدِّينِ مِنْ حَرَجٍ مَثَلًا لِّبِكُمْ إِذْ رَاهِبْتُمْ هُوَ سَنَّاكُمُ الْمُسْلِمِينَ مِنْ قَبْلُ وَفِي هَذَا لِيَكُونَ الرَّسُولُ شَهِيدًا عَلَيْكُمْ وَتَكُونُوا شُهَدَاءَ عَلَى النَّاسِ فَأَقِيمُوا الصَّلَاةَ وَآتُوا الزَّكَاةَ وَأَعْتَصِمُوا بِاللَّهِ هُوَ مَوْلَاكُمْ فَنِعْمَ الْمَوْلَى وَنِعْمَ النَّصِيرُ



"AND STRIVE IN HIS CAUSE AS YE OUGHT TO STRIVE, (WITH SINCERITY AND UNDER DISCIPLINE). HE HAS CHOSEN YOU, AND HAS IMPOSED NO DIFFICULTIES ON YOU IN RELIGION; IT IS THE RELIGION OF YOUR FATHER ABRAHAM. IT IS HE WHO HAS NAMED YOU MUSLIMS, BOTH BEFORE AND IN THIS (REVELATION); THAT THE APOSTLE MAY BE A WITNESS FOR YOU, AND YE BE WITNESSES FOR MANKIND! SO ESTABLISH REGULAR PRAYER, GIVE REGULAR CHARITY, AND HOLD FAST TO ALLAH! HE IS YOUR PROTECTOR - THE BEST TO PROTECT AND THE BEST TO HELP!" (Holy Qur'an Al-Hajj 22:78)

Sa kapanahunan ng Nabi Mohammad (PBUH), ang kanyang mga kasamahan ay gumagamit ng traditional na pamaraan ng Family Planning na tinatawag ng Azl. **"A MAN CAME TO THE PROPHET (PBUH) AND SAID: 'I HAVE A MATE WHO SERVES US AND WATER OUR PALM TREES. I HAVE SEXUAL RELATIONS WITH HER BUT DO NOT WANT HER TO FALL PREGNANT. ' THE PROPHET (PBUH) SAID: 'PRACTICE AZL WITH HER IF YOU WISH, FOR SHE SHALL RECEIVE WHAT IS PREDESTINED FOR HER. 'AFTER**

SOMETIME THE MAN CAME BACK AND SAID: 'THE MATE HAS CONCEIVED. ' THE PROPHET (PBUH) SAID: "I HAVE INFORMED YOU THAT WHAT IS PREDESTINED WILL BEFALL HER". (NARRATED BY JABIR)

THE PROPHET (PBUH) WAS QUESTIONED REGARDING AZL AND HE SAID: "NOT OF ALL SEMEN A CHILD IS FORMED, AND IF ALLAH WILLED TO CREATE SOMETHING, NOTHING WOULD STOP HIM FROM DOING SO." (NARRATED BY ABU SA'ID KHUDRI)

Inilalarawan dito na pinapayagan ng Nabi Mohammad ang paggamit ng Family Planning upang maiwasan ang hindi natataong pagbubuntis.

- ANO ANG MGA PAMAMARAAN NG FAMILY PLANNING ANG KATANGGAP-TANGGAP SA ISLAM? – Ayon sa Fatwa lahat ng uri ng Family Planning ay tanggap kung ito ay ligtas, hindi bawal sa batas ng bansa at ng Shariah, napag-usapan ng mag-asawa, at rekomendado ng isang doktor na kung maaari ay isang ring Muslim. Ang pamamaraan tulad ng vasectomy at ligation ay hind tanggap subalit maaari ito kung ito ay makakaligtas ito ng buhay ng ina ayon sa rekomendasyon ng kanyang doktor.

Sa mga pamamaraan ng Family Planning na meron sa Pilipinas ang Pildoras (Contraceptive Pills) ang laganap. Merong dalawang uri ng Pildoras: ang Combined-Oral Contraceptive (COC) Pill at ang Progestin-Only Pill (POP). Ligtas ang mga ito para sa karamihan ng mga babae. Ang POP ay pwede para sa mga ina na nagpapasuso. Pwede rin ang Condom. Mabisa rin ito sa pag-iwas makahawa ng ilang uri ng sakit sa asawa tulad ng hepatitis at HIV.

- ANO ANG REPRODUCTIVE HEALTH? – Ang Reproductive Health ay ang estado ng pakakaran ng mabuting pisikal, mental at sosyal na pangangatawan sa lahat ng aspeto na may kinalaman sa buong systemang reprodutibo mula paqkasilang hanagang sa dulo ng buhay.

Meron itong sampung elemento:

1. Family Planning
2. Maternal and child health and nutrition
3. Prevention of abortion and management of its complications
4. Prevention and treatment of reproductive tract infections (RTI's) which cover sexually transmitted diseases (STD's), human immune deficiency virus (HIV), and acquired immune deficiency syndrome (AIDS).
5. Education and counseling on sexuality and sexual health
6. Breast and reproductive health cancers and other gynecological conditions
7. Prevention and Treatment of infertility and other sexual disorders
8. Adolescent reproductive health (ARH)
9. Prevention of violence against women and children (VAWC)
10. Male involvement and participation in Reproductive Health

This document was produced with support from the PHILIPPINE CENTER FOR POPULATION AND DEVELOPMENT

¹ Glossary of Islamic Terms. 7 July 2008. <re-xs.ucsm.ac.uk/gcsere/glossaries/islamglos.html >

² Macrohistory and World Report. 11 July 2008. <www.fsmitha.com/defini.html >

³ Glossary – Shariah Banking. 11 July 2008. <global.shariabanking.net/glossary/3.html >

⁴ Success Story – Family Planning and Islam. 11 July 2008. <http://philippines.usaid.gov/documents/ophn/success/0505_fatwah.pdf >

⁵ A Time Between. 11 July 2008 <http://www.unfpa.org/intercenter/time/empower.htm>

⁶ Popline Document No. 060312. 16 July 2008. <http://www.popline.org/docs/0909/060312.html>